Santa Clara County
PUBLIC HEALTH

MANDATORYA NG DIREKTIBA:

Mga Gym at Pasilidad ng Kalakasan

Epektibo sa Hulyo 13, 2020

sccgov.org/coronavirus

Inilabas: Oktubre 4, 2020

County ng Santa Clara
Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.5040

MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA PARA SA MGA GYM AT FITNESS FACILITY

Mangyaring kumpirmahin na ang inyong pasilidad ay maaaring magbukas sa ilalim ng Kautusan ng Estado. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan. Ang Estado ay mayroon ding partikular na patnubay para sa ilang pasilidad na dapat sundin bilang karagdagan sa mahigpit na ipinapatupad na direktiba na ito.

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at sa patnubay ng Estado ay makikita sa covid19.ca.gov.

Inilabas: Hulyo 14, 2020
Binago: Oktubre 4, 2020

Noong Agosto 28, 2020, inilabas ng Estado ang kanilang Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya ("Plano"), ang isang pangbuong estado na sistema ng mga paghihigpit sa COVID-19. Ang Santa Clara County ay kasalukuyang nasa Pangalawang Antas (Pula) ng Plano.

Sa ilalim ng Plano, ang Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado ay nangangailangan na ang lahat ng mga panloob na operasyon sa mga gym at fitness center ay malimitahan sa 10% na kapasidad sa lahat ng mga county na nasa Pangalawang Antas, kabilang ang Santa Clara County. Tingnan ang Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan sa buong Estado dito at ang Plano ng Estado dito. Alinsunod dito, dapat limitahan ng mga negosyo ang panloob na kapasidad sa 10% ng normal (o sa kapasidad na pinapayagan ng Kautusan ng Pagbawas ng Panganib ng County, alinman ang mas mahigpit).

Ang lahat ng mga panloob at panlabas na operasyon ay napapailalim sa mga mahigpit na kinakailangan ng Direktibang ito.

Habang ang mga gym at fitness facility ay nagbibigay ng mga mahalagang serbisyo na nakakatulong sa mga tao na magpanatili ng kanilang pisikal at emosyonal na kagalingan, maaari rin silang magdulot ng mga makabuluhang panganib sa kalusugan ng publiko dahil sa

Lupon ng mga Superbisor: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Dave Cortese, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian
Executive ng County: Jeffrey V. Smith

pandemyang COVID-19. Dahil madalas silang nagsasangkot ng mabigat na paghinga at ng mga pinagsasaluhan na mga madalas na hinahawakan na kagamitan sa isang panloob na kapaligiran, ang mga gym at fitness facility ay dapat gumawa ng labis na pag-iingat upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 para sa mga kliyente at kawani. Ang mga gym at fitness facility ay mariing hinihimok na ilipat ang mga aktibidad at kagamitan sa labas kung saan posible, dahil sa kasalukuyang pinakamahusay na katibayan na may mas mababang panganib ng pagkalat ng COVID-19 kung nasa labas.

Ipinaliwanag ng Direktibang ito kung paano maaaring magpatakbo ang mga gym at fitness facility. **Itong Direktiba ay mahigpit na ipinapatupad, at ang kabiguang sundin ito ay paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County na inilabas noong Hulyo 2, 2020** ("Kautusan"). Ang mga gym at fitness facility ay dapat sumunod sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County, sa lahat ng kinakailangan ng Direktibang ito, sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado, at sa anumang naaangkop na patnubay sa industriya ng Estado.

Tandaan: Ang mga gym at fitness facility na nag-aalok ng mga programang naglilingkod sa mga bata o kabataan na wala pa sa 18 taong gulang (tulad ng mga pasilidad ng gymnastics, studio ng sayaw, o studio ng martial arts na nag-aalok ng mga klase para sa mga bata) ay dapat tumiyak na ang mga programang ito ay sumusunod sa Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba para sa mga Programang Naglilingkod sa Mga Bata o Kabataan, sa COVID-19 Gabay sa Industriya para sa mga Gym at Fitness Center ng Estado, COVID-19 Gabay sa Industriya para sa Isports ng Kabataan ng Estado (kung naaangkop), sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County, at sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado. Ang mga programang ito ay hindi kailangang sumunod sa Direktibang ito.

Ang Kautusan na Inilabas noong Hulyo 2

Ang Kautusan ay nagpapataw ng ilang mga paghihigpit sa lahat ng mga negosyo at aktibidad upang matiyak na ang County ay mananatiling ligtas hangga't maaari, kabilang ang, ngunit hindi limitado, sa mga sumusunod:

- **Ang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao:** Dapat magkumpleto at magsumite ang lahat ng mga negosyo ng pinakabagong bersyon ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa County gamit ang online form, makukuha dito. Ang Protokol ay isinumite sa ilalim ng parusa na bawal ang pagsisinungaling, nangangahulugan na ang lahat ng nakasulat sa form ay dapat totoo at tumpak sa kaalaman ng pumirma, at ang pagsusumite ng maling impormasyon ay isang krimen. Ang Protokol ay dapat na maipamahagi sa lahat ng mga manggagawa, at dapat itong magagamit ng lahat ng mga opisyal na nagpapatupad ng Kautusan. Responsable ang mga negosyo sa pagtitiyak na naunawaan at nasanay ang mga manggagawa sa mga kinakailangan ng Protokol sa isang wika na kanilang naiintindihan.

- **Palatandaan:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat mag-print ng (1) isang na-update na

Palatandaan na COVID-19 PREPARED at (2) isang Talaan ng Impormasyon ng Bisita ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao, at dapat na maipaskil ang dalawang ito na madaling makita sa lahat ng mga pasukan ng pasilidad. Ang mga ito ay magagamit para sa pag-print pagkatapos maisumite online ang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao.

- **Mga Panakip sa Mukha:** Ang bawat isa sa pasilidad ng negosyo o lugar ng trabaho ay dapat magsuot ng panakip sa mukha sa lahat ng oras (maliban sa mga maliliit na bata, sa mga taong na hindi makatakip sa mukha dahil sa payong medikal, o para sa komunikasyon ng o sa mga taong may kapansanan sa pandinig). **Kapag nasa loob, dapat magsuot ng mga panakip sa mukha kahit na habang nag-eehersisyo.** Kung ang isang tao ay hindi komportable o nahihirapang huminga habang nag-eehersisyo na may panakip sa mukha, ang taong iyon ay dapat huminto kaagad sa kaniyang ginagawa. Ang mga tao ay maaaring mag-ehersisyo sa labas nang walang panakip sa mukha hangga't nananatili silang hindi bababa sa 6 na talampakan na layo mula sa lahat na wala sa kanilang kabahayan sa lahat ng oras.

- **Limitasyon ng Densidad:** Dapat limitahan ng lahat ng mga negosyo ang bilang ng mga tao na maaaring magkasabay na nasa pasilidad. Para sa mga miyembro ng kawani, ang limitasyon ay 1 tao bawat 250 na kabuuang talampakang kuwadrado ng espasyo sa panloob na pasilidad (nangangahulugan ito ng kabuuang espasyo, kabilang ang mga lugar na bukas lamang sa mga kawani tulad ng mga silid ng imbakan). Para sa mga kliyente, ang limitasyon ay 1 tao bawat 150 na talampakang kuwadrado ng panloob na espasyo na bukas sa publiko. Ang mga kinakailangan na densidad sa mga negosyo ay nagpapahayag kung gaano karaming mga tao (kawani o mga kliyente) ang maaari nilang papasukin sa kanilang pasilidad bago umalis ang ibang tao. Ang mga batang wala pang 12 na edad na sumasama sa magulang o tagapag-alaga ay hindi binibilang sa limitasyon, ngunit binibilang ang lahat ng mga taong may edad na 12 pataas.

Tingnan ang Kautusan at ang pahina ng FAQ para sa mga karagdagang detalye.

Bilang karagdagan sa mga pangkabuuang kinakailangan na naaangkop sa lahat ng mga negosyo sa ilalim ng Kautusan, ang lahat ng mga gym at fitness facility ay dapat sumunod sa mga sumusunod na mga direktiba.

Mga Kinakailangan na Pamamaraan para sa Kaligtasan

Ang lahat ng mga gym at fitness facility ay dapat sumunod sa bawat kinakailangan ng patnubay na partikular sa industriya ng Estado (makikita sa https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-fitness--en.pdf). Naaangkop din ang mga sumusunod na karagdagang pamamaraan upang maprotektahan ang mga manggagawa at customer:

1. *Pinagbabawal ang mga Panloob na Aktibidad na Nagdadagdag ng Antas ng Paghinga*

Ang mga panloob na aktibidad na may kasamang kardio/aerobik na ehersisyo ay ipinagbabawal. Kasama sa kardio/aerobik na ehersisyo ang paggamit ng mga treadmill, makinang elliptical, pang-ehersisyo na bisikleta, at iba pang katulad na kagamitan kung ginamit sa isang paraan na nagdudulot ng mabigat na paghinga o ng mabilis na pagtibok ng puso. Kasama rin dito ang panloob na calisthenics, pagsasayaw, o iba pang mga aktibidad na nagdudulot ng mabigat na paghinga at mabilis na pagtibok ng puso, kung saan ang mga kalahok ay malamang magtatanggal ng kanilang mga panakip sa mukha. Ang mga aktibidad na ito ay pinapayagan lamang na ganapin sa labas.

2. *Mag-alok ng mga Aktibidad at Serbisyo na wala sa pasilidad (remotely) o na nasa Labas Hangga't Maaari*

Kung saan posible, hinihimok ang mga operator ng gym at fitness facility na mag-alok ng remote fitness na mga pagpipilian sa mga virtual na plataporma upang mabawasan ang bilang ng mga kliyente na personal na bumibisita sa pasilidad. Para sa mga serbisyong personal, ang mga operator ng gym at fitness facility ay hinihikayat na taasan ang bilang ng mga serbisyo na inaalok nila na nasa labas, dahil ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 ay makabuluhang mas mababa sa labas kaysa sa loob.

- Halimbawa, ang isang personal na tagapagsanay na nag-aalok ng mga serbisyo sa isang kliyente na kinasasangkutan ng maliliit na free weight, kardio, at iba pang mga aktibidad ay dapat gumawa ng mga serbisyong pagsasanay sa labas kung maaari.

Manatiling may Kaalaman

Para sa mga sagot sa madalas na mga katanungan tungkol sa industriya at iba pang mga paksa, pakitingnan ang pahina ng FAQ. **Pakitandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update**. Para sa kasalukuyang impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County sa www.sccgov.org/coronavirus.